HUMANITIES DILIMAN (JULY-DECEMBER 2024) 21:2, 1-19

# Ang Moral na Ligalig ng Agosto-Setyembre Taong 1995 hinggil sa mga Awitin ng Bandang Eraserheads, Yano, at Teeth

**Kevin Paul D. Martija**
University of the Philippines Los Baños

## ABSTRAK

Hindi maipagkakailang inanak ng dekada nobenta ang ilan sa pinakamahuhusay na banda sa kasaysayan ng musikang popular sa bansa. Naging mukha ng industriya ng Orihinal na Pilipinong Musika o OPM ang mga banda sa panahong ito. Bagaman nagkaroon ng panibagong sigla't nakuha ng mga bandang tumutugtog ng musikang rock ang atensiyon ng publiko sa kani-kanilang mga awitin, hindi nakaligtas sa kontrobersiya ang ilan sa pinakamalalaking banda ng nasabing panahon.

Sasaliksikin ng papel na ito ang yugto sa kasaysayan ng musikang popular sa bansa noong kalagitnaan ng dekada nobenta. Sa panahong ito tahasang inakusahang naglalaman ng promosyon ng ilegal na droga't satanismo ang ilang popular na awitin mula sa bandang Eraserheads, Teeth, at Yano. Itinuturing itong halimbawa ng isang moral na ligalig, isang maiksing yugto sa kasaysayan kung saan nagkakaisa sa paniniwala ang iba't ibang sektor sa lipunan na nagdudulot ng banta o panganib ang isang partikular na grupo bagaman walang sapat na batayan o kung hindi man, eksaherado ang mga bintang. Susuriin ang gampanin ng iba't ibang sektor o grupong kumatha ng moral na ligalig: ang Junior Drug Watch, Citizen's Drug Watch Foundation, at mga politiko sa pangunguna ni Senador Tito Sotto. Sasalaysayin din ang kinasapitan ng isyu sa lebel ng paggigiit ng isteryotipo sa mga nagbabanda at kung paano nagamit ang isyu sa iba pang agenda ng mga kasangkot dito.

*Susing salita:* moral na ligalig, alternatibong banda, musikang rock, popular music, Eraserheads, Teeth, Yano

## ABSTRACT

It is undeniable that the decade of the 90s produced some of the most talented bands in the history of Philippine popular music. Bands became the face of the Original Pinoy Music (OPM) industry during this era. Although rock bands

were responsible for the resurgence of the industry and gained public attention through their hit songs, some of them did not escape controversies.

This paper will explore the events in the history of our popular music, in particular those during the mid-90s, when authorities blatantly declared that some songs of the bands Eraserheads, Yano, and Teeth had themes that promoted the use of illegal drugs and Satanism. This is an example of a period of moral panic, a social phenomenon in which various sectors agree that certain groups pose a danger to society, even when evidence is insufficient to support such fear or when the accusations are greatly exaggerated. The paper will examine the roles of different sectors responsible for this period of moral panic: Junior Drug Watch, the Citizen's Drug Watch Foundation, and some politicians, most notably the then-Senator Tito Sotto. Additionally, this paper will analyze the effects of this issue on public perception of those in the band scene and how some individuals have utilized this issue for personal agendas.

*Keywords:* moral panic, alternative bands, rock music, popular music, Eraserheads, Teeth, Yano

## Panimula

Hindi maipagkakaila ang iniwang marka ng dekada nobenta bilang isa sa mga tinatawag na ginintuang panahon sa industriya ng musikang popular sa bansa. Katangi-tangi ang nasabing dekada sapagkat panahon ito ng pagsulpot ng mga bandang bitbit ang iba't ibang anyo ng musika. Nanggaling sa panahon ng popularidad ng punk at new wave noong dekada otsenta, mas maraming anyo o genre ng musika ang nakilala at napatugtog sa himpapawid noong panahong ito. Kung tutuusin, malaki ang kinalaman dito ng ilang istasyon ng lokal na radyo na nagpapatugtog ng mga bandang wala pang kontrata sa mga naglalakihang kompanya sa industriya ng musika gaya ng NU 107 at LA 105.9. Malaki rin ang gampanin ng mga lokal na bar sa Kamaynilaan na nagbukas ng pintuan para makatugtog ang mga bagitong banda ng nasabing dekada gaya ng Mayric's, Clubb Dredd, at 70s Bistro bago naging popular ang ilan sa mga ito. Kalaunan, magiging popular ang napakaraming mga bandang bahagi ng eksenang ito hindi lamang sa maliit na komunidad na tagapagtangkilik ng ilang lokal mga bar at katulad na mga espasyo. Lumawak pa ang kanilang tagapakinig nang mabigyan sila ng kontrata ng mga kompanya sa industriya ng musika upang mairecord ang kanilang mga musika't makapaglabas ng mga album. Ito ang yugto na nilalarawan bilang *OPM Alternative Rock Explosion* ng dekada nobenta (Radovan).

Sa konteksto ng kasaysayan ng popular na musika, ang pagpasok ng unang hati ng dekada nobenta bago naganap ang nasabing penomeno ng eksplosyon ng mga banda ay panahon ng reintroduksiyon ng musikang rap sa bansa sa pamamagitan ng paglabas ng mga album nina Francis M. at Andrew E. noong taong 1990. Ito rin ang panahon kung kailan popular ang mga mang-aawit gaya nila Ariel Rivera, Ogie Alcasid, Gary Valenciano, Joey Albert, grupong Smokey Mountain, at iba pa. Ang mga nasabing mang-aawit ay mga nasa hanay ng musikang Pop o ballad na nagdodomina sa mga radyo bago dumating ang popularidad ng mga banda noong dekada nobenta.

Nagkakaisa ang mga tala hinggil sa kung papaanong nagkaroon ng  penomeno ng pag-usbong at popularidad ng mga banda sa nasabing dekada. Sinasabing ang naghawan  ng daan para magkaroon ng interes ang mga kumpanya na bigyan ng kontrata ang mga banda sa panahong ito ay ang popularidad ng bandang Eraserheads. Binuksan ng komersiyal na tagumpay ng kanilang unang album na *Ultraelectromagneticpop* ang daan sa penomeno ng paghahanap ng mga iskawt ng mga recording companies ng susunod na Eraserheads sa mga lokal na bar at eksenang underground (Caruncho 106; Tadeja at Cabaluna 91). Ang nasabing album ay inilabas noong 1993 ng BMG Pilipinas at nagkamit ng multi-platinum award. Matapos ang komersiyal na tagumpay ng Eraserheads, nagsulputan na sa radyo at mga record bars ang mga album at mga single ng iba't ibang banda. Nagkaroon ng kontrata sa mga kompanya ang marami sa mga ito at nagtamo rin ang marami sa kanila ng komersiyal na tagumpay. Nariyan halimbawa ang The Youth, Rivermaya, Wolfgang, Keltscross, Color It Red, Orient Pearl, Grin Department, Siakol, Teeth, Yano, Put3ska, Tropical Depression, at marami pang iba. Sa puntong ito, dominado na ng musika mula sa mga banda ang radyo.

Sementado na ang penomeno ng eksplosyon ng mga banda pagsapit ng taong 1994. Nasundan ang tagumpay ng *Ultraelectromagneticpop* nang ilabas ng Eraserheads ang album na *Circus* taong 1994. Tulad ng unang album, multi-platinum din ito. Taong 1994 din nang ilabas ng bandang Yano ang kanilang eponimong album. Nanalo sila bilang Best New Artist sa NU Rock Awards sa nasabing taon at nanalo ring Album of the Year sa GASI Pinoy Rock Awards ang kanilang album noong 1995 (Tadeja at Cabaluna 173). Kasabay ng kanilang pagsikat ay ang pag-usbong din ng karera ng bandang Teeth sa paglabas ng kanilang eponimong album noong 1995. Multi-platinum din ang album ng banda at naging Song of the Year pa sa NU Rock Awards ang kanilang awiting "Laklak" (Tadeja at Cabaluna 154). Ang awiting "Alapaap" ng Eraserheads at "Laklak" ng Teeth ang ilan sa pinakapopular na awitin ng taong 1995 (Caruncho 206). Samakatuwid, ang Eraserheads, Teeth, at Yano sa panahong nasasaklaw ng saliksik na ito ay nasa kalagitnaan ng kanilang kasikatan. Tinamasa nila ang komersiyal na tagumpay sa industriya ng musika.

Ang saliksik na ito ay papaksa sa moral na ligalig ng taong 1995 na sumisentro sa akusasyong naglalaman umano ng promosyon ng ipinagbabawal na gamot ang mga awitin ng bandang Eraseheads, Yano, at Teeth. Maiuugat ito sa paglabas ng pahayag ng ilang mga tagapagtaguyod ng moral na krusada kontra-droga na nagparatang sa mga banda ng nasabing isyu. Kalaunan, sa eksaherasyon ng midya, pakikisangkot ng mga alagad ng iba't ibang simbahan, at gayundin sa tangkang pagdala sa Senado ng isyu na ito, sumiklab ang isang yugto ng moral na ligalig sa mga buwan ng Agosto at Setyembre ng taong 1995. Mahahati ang saliksik sa ilang bahagi. Una'y pagtatalakay sa konsepto ng moral na ligalig at ilang mga halimbawa nito sa kasaysayan. Ikalawa'y ang pagtatalakay sa isyu ng 'di-umano'y promosyon ng ilegal na droga sa awitin ng mga popular na banda sa Pilipinas at mga kaugnay pang usapin. Kasama na rito ang pagpapakilala ng gampanin ng mga grupong may interes at pinagmulan ng isyu. Pangunahin sa mga grupong ito ang Junior Drug Watch at Citizen's Drug Watch Foundation. Ang Junior Drug Watch ang nagsimula ng panawagang ipagbawal ang mga awitin ng mga bandang nabanggit. Kasama rin sa seksiyong ito ang pagtatalakay sa gampanin ni Senador Vicente "Tito" Sotto III na siyang nag-akyat ng isyung ito sa pambansang lebel. Mahalagang dokumento sa pangyayaring isasalaysay ang Resolusyon Blg. 100 ni Sotto na humihiling na imbestigahan sa Mataas na Kapulungan ang isyung ito. Ikatlo'y sasalaysayin din ang kinasapitan ng isyu – ano ang naging hakbangin ng mga banda para linisin ang kanilang mga pangalan? Paano kinasangkapan ng mga indibidwal at grupong may interes ang moral na ligalig na ito? Paanong maiuugnay ang moral na ligalig ng 1995 sa isteryotipo sa mga nagbabanda? At higit sa lahat, paano maiuugnay ito sa usapin ng ehersisyo ng kapangyarihan ng mga awtoridad sa pagpapanatili ng sistematikong kaayusan?

## Ang Moral na Ligalig at mga Halimbawa nito sa Kasaysayan

Isang sosyolohikal na konsepto ang moral na ligalig na nagmula at unang ginamit ni Stanley Cohen sa kanyang librong *Folk Devils and Moral Panics: The Creation of the Mods and Rockers* noong 1972. Ayon kay Cohen, ang depenisyon ng moral na ligalig ay: "Isang kondisyon, yugto, kung saan ang isang indibidwal o grupo ay pinalilitaw bilang banta sa panlipunang hahalagahin at interes" (sariling salin, Goode at Ben-Yehuda 155). Sentral ang gampanin ng midya sa eksaherasyon sa mga ganitong uri ng balita. Karaniwan ring nagsisimula at nangyayari ang moral na ligalig sa partisipasyon ng mga tagapagtaguyod ng moral na krusada gaya halimbawa ng mga kaparian, politiko, at iba pang mga grupong may adbokasiyang panlipunan. Nagkakaroon din ito ng balidasyon sa pamamagitan ng mga eksperto mula sa iba't ibang disiplinang may kinalalaman sa isang moral na ligalig. Samakatuwid, nagdudulot ng pagtatalo ang mga yugto ng moral na ligalig kung saan bahagi ang iba't ibang sektor ng lipunan na may magkakaibang pananaw sa isang partikular na isyu (Deflem 17).

Kailan nga ba lumilitaw ang mga yugto ng moral na ligalig? Ang mga moral na ligalig ay lumilitaw bilang resulta ng mga ispesipikong panlipunang puwersa at daynamiks. Karaniwang ang mga pangamba ay kultural o politikal na konstruksiyon, o produkto lamang ng imahinasyon at walang sapat na datos o mga batayan (Goode at Ben-Yehuda 150-51). Maaaaring nanggaling mismo sa isang bahagi ng sambayanan ang mga isyu na kalaunan ay pagmumulan ng moral na ligalig (*grassroot model*). Ang pangamba ng publiko'y batay sa kanilang persepsiyon at danas sa kani-kanilang komunidad. Sa lebel pa lamang ng isang partikular na komunidad, maaaring nagkaroon na ng eksaherasyon sa mga isyu o kuwento. Tinitingnan na hindi maaaring pabrikasyon lamang ng mga politiko't midya ang pangamba ng publiko. Ang gampanin ng mga sektor gaya ng awtoridad at midya ay pagpapalala o amplikasyon ng pangamba na nadama o nadanas ng publiko. Ang mga politiko'y maaaring mag-umpisang tutukan ang pangamba na isyu lang naman talaga ng isang sektor ng lipunan, ang midya ang behikulo para mapag-usapan ang mga isyu na batid na rin ng iilan sa isang partikular na komunidad at pihadong interesante't eskandaloso sa pangkalahatan (Goode at Ben-Yehuda 161). Samakatuwid, may magnipikasyon ng isang tiyak na isyung umiiral sa isang komunidad kung saan pinaniniwalaan ng mga bahagi nito na may ganap na banta sa kanilang lugar.

Maaari ding manggagaling at mag-uumpisa sa mga tagapagtaguyod ng moral na krusada ang mga moral na ligalig (*interest group theory*). Kabilang na rito ang mga politiko, kapulisan, mga alagad ng simbahan, maging ang mga pangkat na may tiyak na adbokasiyang moral sa lipunan. Ang mga sektor na ito ay tinatawag na moral na negosyante ni Howard Becker (147). Ang mga tagapagtaguyod ng moral na krusada ang siyang lumilikha ng mga alituntunin at nagpapatupad din nito (Goode at Ben-Yehuda 165). Naniniwala ang mga ito na kapag ginawa ng isang indibidwal o pangkat ang "tama", ito'y makabubuti para sa kanila (Becker 148).

Anuman ang modelo, klaro na may anggulo ng pagmamalabis at malaki ang gampanin ng midya sa eksaherasyon ng balita sa paglitaw ng yugto ng moral na ligalig. Hindi lamang din eksaherasyon, maaari ding may usapin ng distorsiyon sa detalye ng ibinabalita na pumupukaw sa atensiyon ng publiko at siya ngang kumukuha sa atensiyon ng mga awtoridad kalaunan (Deflem 4). Pinalalala ang epekto't panganib ng isang ispesipikong isyung sentro ng moral na ligalig sa komunidad at sa lipunan sa kabuuan. Magkakatuwang bukod sa reaksiyon ng midya ang eksaheradong reaksiyon ng mga politiko, kapulisan, mga grupong may moral na adboksiya, at ng publiko. Nabubuo ang mito ng mga "folk devils" o yaong mga indibidwal o pangkat na itinuturo bilang may-akda ng kaguluhan. Lumilikha rin ng mga isteryotipo sa mabilis na identipikasyon ng mga sinasabing bahagi nito (Goode at Ben-Yehuda 155-56). Ibig sabihin, bumubuo ito ng eksaheradong pagdedetalye

ng isang pangyayari at inilalarawan ito o ang mga indibidwal na kasangkot dito bilang banta sa kaayusan, kaligtasan, o moralidad ng isang partikular na grupo o lipunan.

Ano naman ang mga katangian ng yugto ng moral na ligalig? Binabanggit na may limang elemento ang moral na ligalig. Unang elemento ay may tumataas na lebel ng pangamba mula sa kaasalan ng isang partikular na grupo. Ikalawa'y may muhi ring nararamdaman ang publiko na maaaring humantong sa mga isteryotipo sa isang indibidwal o pangkat na pinaniniwalaang pinagmumulan ng pangamba. Dulot ito ng pagpinta sa kanila bilang salot sa lipunan at kalaban ng mga tapat-sa-estadong mamamayan. Ikatlo'y pagkakaroon ng konsenso o pangkalahatang pagsang-ayon na ang sinasabing banta ay tunay at seryoso at resulta ng kaasalan ng isang indibidwal o pangkat. Ikaapat ay kawalan ng proporsiyonalidad ng ligalig sa kalikasan ng sinasabing banta. Karaniwang makikita ito sa manipulasyon o kung hindi man, eksaherasyon ng pigura sa mga yugto ng moral na ligalig upang mabigyang rason ang pangangailangang pag-usapan ito ng publiko at maaksiyunan ang sinasabing problema. At ikalima, maiksi ang panahon ng yugto ng mga moral na ligalig. Bigla silang lumilitaw at kasabay ng maragsa nilang paglitaw sa popular na kamalayan ay ang mabilis ding paglaho nito sa atensiyon ng bayan. Inilalarawang maiksi lamang ang yugto ng mga moral na ligaglig bagamat hindi ito nangangahulugan na wala itong pangmatagalang epekto (Goode at Ben-Yehuda 156-58).

Maraming halimbawa ng mga moral na ligalig na nauukol sa mga bahagi ng kulturang rock. Kung tutuusin, hindi maikakaila ang pagkakatulad ng isyung tampok sa saliksik na ito sa moral na ligalig na nangyari sa Estados Unidos noong dekada otsenta tungkol sa usapin ng sensura ng mga awiting popular sa nasabing panahon. Naging sentro ng atensiyon ng publiko ng Estados Unidos ang mga rakistang banda noong 1985 ng gumulong sa kanilang Senado ang usapin ng sensura sa inisyatiba ng isang grupong Parent's Music Resource Center o PRMC (McDonald 294). Ang pangunahing layunin umano ng kanilang grupo ay bigyang edukasyon ang mga magulang sa nakababahalang mga liriks na pumapaksa sa seks, karahasan, promosyon ng pagpapatiwakal, at humahantong pa sa gloripikasyon ng alkohol at mga ipinagbabawal na gamot (Belcik 7; 14). Hindi rin nakalagpas sa grupo ang mga imahen at sining ng mga album covers na ibinibenta sa mga record bars. Kalakhan umano ng mga album ay wala man lang babala hinggil sa nilalaman nito kung kaya't napakikinggan ng mga kabataan, kung hindi man, malayang nabibili ng mga wala pa sa tamang edad. Malawak ang naging pagtutok ng midya sa naging pagdinig hinggil dito ng Senado ng Estados Unidos. Nakisangkot ang mga pundamentalistang Kristyano sa isyu at sinuportahan ang PMRC. Sa kanila rin nanggaling ang di-umano'y dekonstruksiyon ng mga mensahe sa ilang mga awiting rock na dumadakila di-umano kay Satanas (Belcik 12). Hindi lamang ang mga

relihiyosong grupo, naisakatuparan din ang pagdinig na ito sa Senado ng Estados Unidos dahil hindi maipagkakaila na ilan sa mga miyembro nito'y may kaugnayan o asawa ng mga politikong Amerikano (Deflem 6). Samakatuwid, magkakaalyado kapwa ang PMRC bilang isang moralistang grupo, mga politiko, at mga taong-simbahan sa panawagan kontra sa musikang rock at mga sikat na banda ng nasabing dekada. Ang naging resulta ng moral na ligalig na ito'y umayon sa panig ng PMRC at kanilang mga kapanalig sa politika, midya, at maging sa akademya. Nagkaroon naman ng pagdinig kung saan hiningi rin ang opinyon ng ilang mga bahagi ng industriya ng musikang nasasangkot sa kontrobersiya. Namobilisa rin nila ang publiko pabor sa kanilang krusada (Belcik 7-8). Isa sa mga naging resulta ng pagdinig ay ang institusyunalisasyon ng paglalagay ng Parental Advisory Label o PAL sa mga album na may mga eksplisitong liriks. Hanggang sa kasalukuyan ay makikita ang markang ito sa mga album buhat sa Estados Unidos (Deflem 9).

Maaari ding tignan bilang isang yugto ng moral na ligalig ang demonisasyon ng mga kabataang punkista sa midya at akusasyong nagsasagawa sila ng mga Satanikong ritwal sa Pilipinas. Naging target ng isyung ito ang mga kabataang punkista. Bago ang pagputok ng mga bandang alternatibo sa radyo noong dekada nobenta, punk ang isa sa pinaka-popular na musika noong dekada otsenta. Ang mga bahagi ng kultural na grupong ito ang siyang naging target ng mga akusasyon na lumabas sa mga pahayagan na 'di-umano'y sinasamba nila si Satanas. Nagsasagawa pa umano sila ng mga satanikong ritwal kabilang na ang pakikipagtalik sa mga miyembro nito at pagkain ng puso. Ang nagsiwalat ng isyu ay ang simbahang Katolika at agad naman itong sinakyan ng midya. Kalaunan, naglabas ng direktiba ang Department of Education, Culture, and Sports o DECS na nag-uutos sa mga paaralang higpitan ang pagbabantay sa kanilang mga institusyon sa gitna ng isyu ng paranoia hinggil sa sinasabing pagkalat ng "Satanismo" at paglaganap ng mga frat. Nagsagawa rin ang ilang lokalidad ng pinagsanib na puwersa ng kapulisan, paaralan, at mga lokal na pamahalaang pambaranggay upang supilin ang paglaganap ng Satanismo sa mga paaralan sa Kamaynilaan (Martija 152-56, "Kasaysayan"). Samakatuwid, bago ang yugto ng moral na ligalig ng taong 1995, nakaranas na ang mga punkista ng 1987 ng halos katulad na kontrobersiya sa kamay ng mga awtoridad. Sila ang sinisi sa kaliwa't kanang kriminalidad bagamat walang kongkretong ebidensiyang mag-uugnay sa mga kabataang punkista sa mga isyung nabanggit. Maaaring ito rin ang tuntungan na bago pa ang taong 1995 ay may negatibong imahen na ang mga kabataang bahagi ng komunidad ng mga rakista bagamat kung tutuusin, kakatwa talaga ang mga bintang sa panahong nabanggit.

## Ang Moral na Ligalig sa mga Awitin ng Eraserheads, Teeth, at Yano

### *Ang mga Grupo't Indibidwal na Sangkot sa Moral na Ligalig ng 1995*

Tulad ng nabanggit sa itaas, nasasangkot sa kasaysayang ito ang ilang mga grupo at personalidad. Pangunahin na rito ang Junior Drug Watch, Citizen's Drug Watch, ang noo'y Senador Vicente Tito Sotto, at ang bandang Eraserheads, Teeth, at Yano. Ang bandang Eraserheads ay binubuo ng mga sumusunod: Ely Buendia bilang bokalista at gitarista, Marcus Adoro bilang gitarista, Buddy Zabala bilang bahista, at Raimund Marasigan bilang drummer. Ang kanilang album na "Circus" kung saan napapaloob ang kantang "Alapaap" ay inilabas ng BMG Records (Pilipinas) Inc. noong 1994. Batay sa impormasyong matatagpuan sa pisikal na kopya ng album, ang naturang awitin ay sinulat ng bokalistang si Ely Buendia. Ang bandang Teeth naman ay binubuo ng mga sumusunod: Glenn Jacinto bilang bokalista, Jerome Velasco bilang gitarista, Peding Narvaja bilang bahista, at Mike Dizon bilang drummer. Ang kanilang eponimong unang album ay nilabas ng WEA International noong 1995. Batay sa impormasyong nakalathala sa pisikal na kopya ng album, ang awiting "Laklak" ay komposisyon ng bokalistang si Glenn Jacinto sa musika samantalang ang liriks ay sinulat ni Mike Dizon na kanilang drummer. Ang bandang Yano naman ay kinabibilangan ng mga sumusunod: Dong Abay bilang bokalista, Eric Gancio bilang gitarista, Onie Badiang bilang bahista, at Nowie Favila bilang drummer (sesyunista). Ang kanila namang eponimong album ay nilabas ng Alpha Records Corporation noong 1994. Batay naman sa impormasyong nakalathala sa pisikal na kopya ng album, ang awiting "Iskolar ng Bayan" ay komposisyon ni Dong Abay.

Si Vicente "Tito" Sotto III ay beterano na sa industriya ng showbiz. Nakilala bilang miyembro ng TVJ o Tito, Vic, and Joey. Nakapaglabas ang grupo ng mga albums, pelikula, at naging personalidad din sa telebisyon mula sa pagkakabuo nila noong dekada sitenta. Nagsilbi sa Senado si Tito Sotto ng apat na termino (1992-1998, 1998-2004, 2010-2016, at 2016-2022). Nasa unang termino ng pagiging Senador si Tito Sotto nang maganap ang pangyayaring ito. Karapat-dapat ding banggitin na si Tito Sotto mismo ay naging miyembro din ng sikat na banda noong dekada sisenta na The Tilt Down Men bilang gitarista. Kontemporaryo nila ang mga banda gaya ng RJ and the Riots at D' Downbeats. Ito ang mga bandang nagsisikat bago ang yugto ng Pinoy Rock at Manila Sound noong dekada sitenta.

Ang Citizen's Drug Watch (CDW) naman ay isang Non-Government Organization o NGO na itinatag ng dating Senador Ernesto Herrera at Susan Ople noong 1989 (Villanueva, "Ople's Daughter"). Ang una'y naging Pangulo ng grupo samantalang

ang huli'y naging Executive Director nito. Si Senador Tito Sotto mismo ay naging Vice-Chairman ng CDW noong bise-alkalde pa lamang siya ng Quezon City. Isa sa mga naging proyekto ng CDW ay ang pagtatayo ng mga rehab centers sa bansa (Susan Ople sa Senado). Sa isang bahagi naman ng pampublikong pulong noong Setyembre 1995 hinggil sa akusasyon ng promosyon ng droga ng mga awiting nabanggit sa taas, binanggit ng tagapagsalita ng Junior Drug Watch na isa silang NGO. Ang layunin daw ng Junior Drug Watch ay pagsasagawa ng "free preventive education and counseling" sa mga paaralan (nasa schizo's Eraserheads Video Vault). Walang masyadong impormasyon hinggil sa kasaysayan at organisasyon ng grupong ito sa mga datos na sinangguni liban sa nangyari ngang pampublikong pulong. Kailan nga ba at paano nagsimula ang moral na ligalig at akusasyon hinggil sa mga awitin ng Eraserheads, Teeth, at Yano?

## *Ang Akusasyon sa mga Banda at Resolusyon Blg. 100*

Nailathala sa pahayagang People's Journal noong Agosto 11, 1995 na nagsimula ang panawagang ipagbawal ang pagpapatugtog ng ilang mga banda sa himpapawid noong 1995. Inilarawan bilang *young anti-drug crusaders* ang Junior Drug Watch, ang nasabing grupong nasa likod ng panawagan. Pinangalanan ang tatlong bandang may mga awiting kinapalolooban daw ng promosyon ng ipinagbabawal na gamot at alkohol: ang "Alapaap" ng Eraserheads, "Iskolar ng Bayan" ng Yano, at "Laklak" ng Teeth. Detalyadong naiulat ang kadahilanan kung bakit nais ng grupo na ipagbawal ang mga awitin ng tatlong bandang nabanggit. Ang "Alapaap", bagamat hindi nagbanggit ng anumang linya ukol sa droga, ay naglalahad naman daw ng sensasyong dulot ng ipinagbabawal na gamot. Sinalungguhitan ang sumusunod na liriks ng "Alapaap" na subliminal umanong naglalaman ng paglalarawan ng sensasyon sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot:

> "Masdan mo aking mata, 'di mo ba nakikita
> Ako ngayo'y lumilipad at nasa langit na
> Gusto mo bang sumama?" (Eraserheads)

Ang awiting "Iskolar ng Bayan" naman ng Yano ay may linyang *Gumagamit ka pa rin ba ng S*? Ang "S" na tinutukoy ayon sa kanila ay ang ipinagbabawal na gamot na methampetamine o mas kilala bilang shabu. Samantala, ang awiting "Laklak" ng Teeth ay aktibong nanghihimok di-umano sa pang-aabuso sa alkohol. Kapansin-pansin rin ang panawagan ng Junior Drug Watch na makisangkot ang iba pang grupong may moral at anti-drogang adbokasiya gaya ng Citizen's Drug Watch Foundation, Philippine Association of National Advertisers, at ng Mataas at Mababang Kapulungan sa pagmamatyag sa mga awiting pinatutugtog sa himpapawid na di-umano'y nanghihikayat sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot (Baritogo). Naiulat na noong Agosto 10 ng taong nabanggit ay lumiham na si

Senador Tito Sotto kay Danilo P. Olivares, Pangulo ng Philippine Association of Recording Industry o (PARI), asosasyong nag-aawtorisa sa mga album at awiting nilalabas sa himpapawid at mga record store sa bansa hinggil sa subliminal na promosyon ng droga sa awiting "Alapaap" ng Eraserheads (Villanueva, "Ban Alapaap"). Hindi kalabisang isipin ang ugnayan ng Junior Drug Watch sa opisina ni Senador Tito Sotto lalo't tila iisang araw lamang lumabas ang pahayag ng Junior Drug Watch at ang pagpapadala ng liham ni Tito Sotto sa PARI at kalaunan pa nga, sa Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP.

Halos magkakasabay namang napaulat sa mga pahayagan na hindi lamang mga awitin ng lokal na bandang Eraserheads, Yano, at Teeth ang nais ipagbawal patugtugin ni Senador Tito Sotto sa himpapawid. Napabilang rin dito ang bandang Slayer, isang metal rock na banda na ayon kay Senador Tito Sotto'y may mga awiting sinasalaula ang Katolikong Diyos. Ang mga awitin ng bandang Slayer ayon kay Sotto ay nanghihikayat sa mga tagapakinig nitong umanib sa Satanismo kung kaya't hinimok niya rin ang industriya ng musika na ipagbawal ang pagpapatugtog at pagbebenta ng mga album nito (Tolentino, "Kanta ng Eraserheads"; Villanueva, "Ban Alapaap"). Ang panawagang ito ni Senador Tito Sotto ay sinuportahan ni Senador Ernesto Maceda na siya ring tumatayong pinuno ng Citizens' Drug Watch.

Sa pagsakay ng mga Senador sa isyung binuksan ng Junior Drug Watch, pumutok na ang mga balita sa midya hinggil sa tatlong kontrobersiyal na awitin ng bandang Eraserheads, Teeth, at Yano. Kung tutuusin, ang kantang "Alapaap" at "Laklak" lamang ang napatutugtog sa radyo lalo't naging single ito ng mga nabanggit na banda sa mga lumabas nilang album samantalang hindi naman ganoon kapopular ang awiting "Iskolar ng Bayan" ng Yano kung ikukumpara sa mga hit single nito sa parehong album gaya ng "Banal na Aso, Santong Kabayo" at "Esem".

Hindi lang sa lebel ng mga panawagan, pormal na inihain ni Senador Tito Sotto sa Senate Committee on Public Information and Mass Media (pinamumunuan ni Senador Franklin Drilon) at Committee on Public Services (pinamumunuan ni Senador Gloria Macapagal Arroyo) ang Resolusyon Blg. 100 na may petsang Agosto 22, 1995. Ayon sa naturang resolusyon, inaatasan nito ang mga komite na pag-aralan, silipin, at pormal na imbestigahan ang mga awitin ng iba't ibang banda na nanghihikayat umano sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot gayundin ang mga dayuhang banda na nagpapalaganap umano ng Satanismo sa kanilang mga awitin. Ilang interesanteng bahagi ng naturang resolusyon:

> SAPAGKAT, ang mga awitin at musikang ito ay may negatibong epekto sa moralidad ng sambayanan, partikular sa mga kabataan; SAPAGKAT, may pangangailangan na bigyang depenisyon ang limitasyon ng kalayaang

> pansining, at ang kalayaan sa pamamahayag ng artista, na karapat-dapat na timbangin sa tungkulin ng estado na protektahan ang pampublikong moralidad at isulong ang kapakanan ng sambayanan… (sariling salin, Philippine Senate Resolution 100)
>
> WHEREAS, these kind of songs and music have negative effects on the morals of our people, particularly the youth; WHEREAS, there is need to define the limits of artistic freedom, and the artist's right of expression, which must be balanced with the duty of the State to protect public morals and promote the general welfare… (Philippine Senate Resolution 100)

Samakatuwid, pinoposisyon ni Senador Sotto sampu ng kanyang mga kapanalig ang kanilang mga sarili na protektor ng moralidad ng lipunang Pilipino at epektibong ipinipinta ang mga bandang nabanggit bilang banta sa kaayusang panlipunan partikular sa masamang epekto nila sa mga kabataan sa pamamagitan ng kanilang mga awitin. Sa ganitong lebel ng pagpapasa ng resolusyon sa Mataas na Kapulungan, epektibong nakuha ng mga Junior Drug Watch, Citizen's Drug Watch, at nina Senador Herrera lalo na ni Senador Sotto ang atensiyon ng madla at talaga namang pinagpiyestahan ito ng midya at ng taumbayan. Naiakyat na ang akusasyon sa lebel ng moral na ligalig. Ano naman ang naging pagkilos ng mga bandang sangkot sa kontrobersiya?

## *Ang Mga Pampublikong Pagpupulong Hinggil sa Kontrobersiya*

Hindi maipagkakaila na sa tatlong bandang nasangkot sa kontrobersiya, pinakamainit ang atensiyon sa bandang Eraserheads hindi lamang sa kanilang tinatamong kasikatan kundi dahil nasangkot na rin sila sa isa pang kontrobersiya sa isa nilang awitin sa una nilang album, ang awiting "Pare Ko" na naghahayag ng mura sa chorus nito ("O Diyos ko, Ano ba naman ito? Diba, tangina!"). Ipinag-utos ng PARI sa kanilang record label na BMG Pilipinas Inc. na itigil ang pagbebenta ng album nila dahil dito. Nangyari ito taong 1994, isang taon bago mangyari ang moral na ligalig sa awitin nilang "Alapaap" (Caruncho 105). Nangangahulugang mainit na sila sa mata ng mga awtoridad at tagapagtaguyod ng moral na krusada sa magkakasunod na kontrobersiya na ito patungkol sa liriks ng kanilang mga awitin. Nabalita ring makaraang ipasa ang resolusyon sa Senado, tumawag ang record producer ng Eraserheads at sinabing hindi na patutugtugin ang kantang "Alapaap" sa radyo (Tolentino, "Laklak, Iskolar").

Sa gitna ng konteksto ng paglala ng isyung ito'y napilitan ang bandang Eraserheads na makipagpulong kay Senador Tito Sotto noong Agosto 24, 1995 kasama ang kanilang manager at opisyal ng kanilang record label. Personal mang pagpapasya

o dala na rin ng panghihimok ng kanilang record label, nagbigay ng pormal na liham ang Eraserheads kay Tito Sotto at binigyan rin nila ng kopya ng liham na ito ang midya at iba pang mga Senador. Ang liham ay pirmado ng apat na miyembro ng banda. Sa naturang liham, binabanggit ng Eraserheads na ang kontrobersiya'y maiuugat sa iba't ibang interpretasyon ng kanilang mga awitin. Ani ng banda:

> Ang mga salita'y maaaring mangahulugan ng kahit ano at maaaring bigyang-kahulugan bilang kahit anong bagay, at may katiyakan na iba-iba ang magiging pagpapakahulugan ng bawat tao dito. Ikinalulungkot namin ang katotohanang ang awiting Alapaap, na kinokonsidera ng banda bilang "oda sa kalayaan", bilang manlilikha ng sining sa ating lipunan, ay inaakusahan bilang "oda sa pang-aabuso sa droga" ng Junior Drug Watchers. Ngunit bilang manlilikha ay bukas ang banda sa iba't ibang opinyon ng publiko at handa naming tanggapin ang iba't ibang interpretasyon tungkol sa aming akda. (sariling salin, Bedico)

> Words could mean anything and could be interpreted to mean everything, and people certainly definitely differ with one another in interpretation. We are saddened by the fact that this song, "Alapaap", which the band considers to be our "ode to freedom" as artists in our society, was dubbed as an "ode to drug abuse", by the Junior Drug Watchers. But as artists we are willing subjects to different opinions of the public and our work subject to different interpretations. (Bedico)

Matalas ang pagpili ng Eraserheads sa mga salitang kanilang binitiwan sa liham nilang ito kay Senador Sotto. Bagamat nililinaw nilang kaisa sila sa adhika laban sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot, ang interpretasyon naman ng mga awitin ay nakabatay at nakasalalay pa rin sa publikong tagapakinig. Idiniin din nilang ang awitin ay pumapaksa sa kalayaan. Tila positibo naman ang naging pagtanggap ni Senador Sotto kaugnay sa personal na pagtungo ng Eraserheads sa Senado. Pinayuhan pa niya ang banda na gumawa naman sila ng kantang humihimok sa mga kabataan na umiwas sa droga (Tolentino, "Hindi kami promoter..."). Malayo sa kanyang mga pahayag sa mga nakalipas na araw, nabanggit niya pang ang Eraserheads ang isa sa pinakamatinong grupo ng mga banda sa Pilipinas ayon umano sa kanyang kaibigang si Joey de Leon na nakasama na ng banda sa pelikulang "Run, Barbi, Run". Giit pa niya'y nagpapaalala lang umano siya na maging responsable sa kanilang mga mensahe ang mga banda. Dagdag pa niya, ang kanyang panawagan ay pangkalahatan at ang mensahe ay para lamang sa mga bandang aktibong naghihikayat sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot at Satanismo (nasa schizo's Eraserheads Video Vault). Sa isang bahagi ng pagpupulong na ito, kapansin-pansin ang isang pahayag ni Senador Sotto. Sinasabi niya sa mga mamamahayag na

magho-host ng anti-drug abuse week ang World Health Organization ang Pilipinas sa Nobyembre 12-19 sa taong nabanggit. Ayon sa kanya, ang inatasan ng Dangerous Drug Board upang maging punong abala sa nasabing programa ay ang Citizen's Drug Watch kung saan bahagi ang kapwa niya Senador na si Ernesto Herrera. Dito rin lantaran niyang binanggit na inatasan nila ni Senador Herrera na ang magiging punong abala sa mga kaganapan sa linggong pinaghahandaan ay ang Junior Drug Watch. Niyaya niya ang Eraserheads na makiisa sa mga aktibidad na gaganapin sa linggong ito. Nangangahulugan ito na may ugnayan ang CDW at Junior Drug Watch sa opisina nina Senador Tito Sotto at Senador Ernesto Herrera. Ang ugnayang ito ay pinagbuklod ng adbokasiya nila marahil laban sa ipinagbabawal na gamot. Hindi na kataka-taka kung bakit agarang nabigyang pansin ng dalawang Senador ang panawagan ng Junior Drug Watch.

Bagaman tila nagkaroon ng positibong impresyon ang bandang Eraserheads kay Senador Sotto, hindi dito nagtatapos ang moral na ligalig tungkol sa kanilang mga awitin. Tunay ngang hindi maaapula ng isang tabong tubig ang lumalagablab na apoy. Sa kauna-unahang pagkakataon, nakipagpulong sa Westin Philippine Plaza noong Setyembre 1995 ang mga miyembro ng Eheads, Teeth, at Yano sa mga miyembro ng Citizen's Drug Watch at Junior Dugwatch. Humarap sila sa midya. Isang miyembro ng Junior Drug Watch ang umaming hindi nagbabanggit ng kahit anong uri ng droga ang "Alapaap" pero may linya itong tumatalakay sa epekto ng droga. Mapanlasi ang tanong ng isang Cynthia Santiago na editor ng isang lokal na magasin. Tanong niya kay Ely Buendia: "When you were writing it, wala sa isip mo yung drugs?". Tinanong pa niya kung hindi ba naisip ni Ely Buendia na magiging ukol sa droga ang interpretasyon habang sinusulat niya ang "Alapaap". Nabanggit pa ng tagapagsalita ng Junior Drug Watch na may mga reklamo silang natanggap na may mga kabataang nagsimulang magdroga matapos marinig ang tatlong kantang nasasangkot sa kontrobersiya bukod pa sa ilang "hindi sikat na kanta". Tinanong ang tagapagsalita kung ilang mga kasong katulad nito ang natanggap nila subalit wala silang nabanggit na pigura (nasa schizo's Eraserheads Video Vault). Sa isang artikulong isinulat ni Bro. Eddie Villanueva sa pahayagan noong kasagsagan ng moral na ligalig na ito, pinapurihan niya sina Senador Sotto sa krusada laban sa *evils in music*. Nagbigay pa siya ng istorya bilang patunay sa masamang epekto ng mga kontrobersiyal na awitin nang mabalitaan niyang may isang nanay na hiningan daw ng kanyang apat na taong gulang na anak ng "pantoma" (Villanueva, "Evils in Music"). Idinidiin niya rito ang epekto sa kabataan ng kantang "Laklak" ng Teeth bagamat hindi siya nagbigay ng iba pang detalye tungkol sa kanyang kuwento.

Nakapanayam ng mananaliksik si Dong Abay (bokalista ng Yano) at Mike Dizon (Drummer ng Teeth) tungkol sa isyung ito. Bagamat naroroon sila sa pulong sa Westin Philippine Plaza noong Setyembre 1995, nakapokus lang ang uploaded

video sa mga naging sagot ni Ely Buendia. Mukhang hindi rin talaga ganoon kataas ang interes ng midya sa Yano at Teeth kumpara sa pagtutok nila sa Eraserheads. Binanggit ni Dong Abay na hindi naman nakaapekto sa kanilang karera ang nangyaring kontrobersiya. Katunayan, nagtuloy-tuloy pa nga sila sa paggawa ng mga awiting pumapaksa sa mga katiwalian ng mga politiko at mga komentaryong panlipunan sa ikalawa at huling album ng banda. Nagunita niyang ang pinag-ugatan din ng isyu ay ang misinterpretasyon sa liriks ng awiting "Iskolar Ng Bayan". Higit dito, nagunita niya ring may pumunta sa kanilang label at naglabas din sila ng pahayag noon na naglilinaw na hindi sila nanghihikayat sa paggamit ng ilegal na droga. Bukod dito, aniya, wala na silang ibang hakbanging ginawa at hindi na rin pinansin ang isyu na ito dahil sa kanilang pananaw ay hindi naman ito mahalaga (Abay).

Kung tutuusin, satiriko ang kantang "Iskolar ng Bayan". Narito ang mga linya sa awitin na naging usapin sa moral na ligalig na ito:

> "Mahilig ka pa ba rin sa chicks, Nagdidisco ka pa din ba sa Euphoria at Paces
> Gumagamit ka pa rin ba ng "S", nag-oouting ka pa rin ba sa United States
>
> Congratulations, congratulations nga pala!
> Nakakagulat ka, parang nagmilagro ang bobong tanga!
>
> Tantya ko sa yo siguro, ang talitalino mo
> Taga UP ka kasi, kay daling makakahanap ng trabaho
>
> Congratulations, congratulations nga pala!
> Nakakagulat ka, parang nagmilagro ang bobong tanga!" (Yano)

Maliwanag na patama sa mga burgis at bulakbol na mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas ang awiting ito. Sa kabila nito, pinilit pa rin ng mga may-akda ng moral na ligalig na ang mensahe nito'y nanghihikayat sa paggamit ng ipinagbabawal na gamot. Hindi naman napigilan ng kontrobersiya ang popularidad ng awiting "Laklak" ng Teeth. Bagamat tungkol ang kanta sa personal na karanasan sa pag-inom ng alak na legal at hindi ipinagbabawal na ibenta sa merkado. Katunayan, labindalawang linggo o halos tatlong buwan itong numero uno sa lingguhang tsart ng LA 105.9 (Tadeja at Cabaluna 15). Hindi rin naman masasabing ipinagkibit-balikat na lamang ng Teeth ang nasabing isyu lalo't ang kompositor ng awitin na si Mike Dizon ay dumalo rin sa nabanggit na pagpupulong noong Setyembre 1995. Nagunita naman ni Dizon na ang pinupukol na isyu sa kanilang awit ay ang alegasyon na hindi umano patungkol sa paglaklak ng alak ang kanilang kanta bagkus ay patungkol sa paglaklak ng *cough syrup,* isang uri ng pang-aabuso sa mga over-the-counter na medisina na nagdudulot rin ng halusinasyon sa mga gumagamit nito. Sa kabila ito

ng katotohanang direktang binabanggit sa kanta na ang tinutukoy ay ang pag-inom ng serbesa (Dizon). Sa basa naman ni Eric Caruncho, hindi naman gloripikasyon ng pagiging tomador ang awiting “Laklak” kundi pagbabahagi ng personal na karanasan bilang babala sa epekto ng pagkakalulong sa bisyo (Caruncho 206). Hindi nga ba may linya rin itong nagsasabing: “Bisyo’y nagsimulang lumalim, kaya ngayon ang hirap tanggalin”? (Teeth 1995).

## *Kinasapitan ng Isyu*

Kasimbilis ng pag-usbong ng isyu ng akusasyon sa mga awitin ng Eraserheads, Teeth, at Yano ang pagkawala nito sa interes ng publiko. Ni hindi gumulong ang Resolusyon Blg. 100 ni Senador Sotto at walang naging aksiyon ang mga Komiteng pinagsumitehan niya ng nasabing resolusyon. Kailangan rin marahil isakonteksto dahil kasabay ng moral na ligalig na ito ang krisis sa liderato ng Senado nang patalsikin ng ilang senador si Edgardo Angara bilang Pangulo ng Senado (Villanueva, “Maceda Quits”). Marahil isa ito sa mga salik kung bakit hindi natugunan ng mga Komite ang resolusyon ni Sotto. Tulad naman ng nabanggit sa taas, hindi napigil ng moral na ligalig na ito ang pamamayagpag ng karera ng tatlong bandang sentro ng kontrobersiya. Patuloy pa ring namayagpag sa radyo ang mga awitin ng Eraserheads, Teeth, at Yano. Samantala, mukhang epektibo rin namang nakasangkapan ni Senador Sotto ang moral na ligalig na ito lalo na sa mata ng publiko at sa pagpapatingkad ng kanyang politikal na karera. Namuwestra niya ang sarili bilang lingkod-bayan na ang pangunahing adbokasiya ay paglaban sa ilegal na droga. Makukuha niya muli ang unang puwesto sa pagka-Senador sa halalan ng 1998.

Bagamat hindi na-institusyunalisa ang mga hakbangin para sa imbestigasyon at sensura hinggil sa liriks ng mga awiting mapatutugtog sa himpapawid at maibebenta sa merkado, may epekto rin naman sa ibang lebel ang moral na ligalig na ito na hindi naman talaga nagtapos sa mga buwan ng Agosto at Setyembre ng taong 1995. Pangunahin kasing naging kakampi ng Junior Drug Watch, Citizen’s Drug Watch, at ni Senador Sotto ang mga relihiyosong grupong nabanggit na rin sa itaas. Sasakyan halimbawa ng mga relihiyosong grupo ang akusasyon na may mensahe ng panghihikayat sa Satanismo ang mga awiting rock at hindi na lang bandang Slayer ang pinagbintangan nito. Umabot rin sa puntong gumawa ng ingay at panibagong ligalig sa mga sumunod na buwan at taon ang isyung ito. Ang panibagong anyo ng moral na ligalig na ito ay ukol sa ’di-umano’y mga mensaheng pinapupurihan si Satanas kapag pinatugtog nang pabaligtad ang mga rekord ng mga banda. Ito ang tinatawag na “backmasking”. Naibalita at tinutukan din ng midya ang akusasyon ng ilang pastor at kaparian na may mga nakakubling mensaheng pinapupurihan si Satanas at ang mga demonyo kapag pinatugtog ang

awitin ng mga sikat na banda. Mga nasa banda na naman ang naging target ng kontrobersiya na ito partikular ang Yano (Caruncho 227) at maging ang Eraserheads at Rivermaya (Cequina). Hindi maitatwang ito ang naiwang legasiya ng moral na ligalig ng 1995 – ang isteryotipo na adik at Satanista ang mga nagbabanda.

## Pagtatapos

Maraming institusyon ang tuwina'y kabilang sa mga yugto ng moral na ligalig. Sa kasaysayang ito, malinaw na ang nagpasimula ng moral na ligalig na ito ay ang Junior Drug Watch at sinakyan ng mga politiko sa pangunguna ni Senador Tito Sotto, Citizen's Drug Watch, simbahan, at ng midya. Nasa hanay ng mga tagapagtaguyod ng moral na krusada ang CDW, Junior Drug Watch, at mga alagad ng simbahan. Hindi maikakailang nagamit ni Senador Tito Sotto maging ng pagsuporta ni Senador Ernesto Herrera ang kanilang mga posisyon sa intimidasyon ng mga bandang kasangkot kung kaya't napilitan ang mga itong magsalita rin sa publiko. Sa mga bandang nasangkot, higit na malaki ang hakbanging ginawa ng bandang Eraserheads upang linisin ang kanilang pangalan. Maliwanag rin sa isinagawang pagsusuri na may usapin ng misinterpretasyon halimbawa na lamang sa awiting "Iskolar ng Bayan" ng Yano na ang pangkabuuang mensahe ay tinutuya pa nga ang mga mag-aaral na bulakbol at hindi naman talaga nanghihikayat ng ipinagbabawal na gamot.

Naisalaysay sa pangyayaring ito ang pagtaas ng lebel ng pangamba tungkol sa mga nasa hanay ng mga nagbabanda mula sa paglabas ng akusasyon ng Junior Drug Watch hanggang sa pagtutok dito ng mga politiko, alagad ng simbahan, at ng midya. Nabulabog ang publiko sa paratang na ito kung kaya't nagsanga-sanga ang opinyon ng taumbayan tungkol sa katumpakan ng akusasyong ito. Nagkaroon pa nga ng pangangailangan upang magsalita sa publiko ang mga panig na nasasangkot. Humantong rin sa mga isteryotipo ng mga bandang nasangkot ang moral na ligalig na ito. Sa katunayan, hindi lamang sila kundi lahat ng mga bandang nasa kulturang rock sa kabuuan. Naisalaysay rin sa isinagawang mga pampublikong pagpupulong at ilang nalathalang artikulo ang pagbibigay ng mga kuwento tungkol sa masamang epekto ng musikang rock kung saan may mga insidente umano na may mga kabataang gumamit o nagtangkang gumamit ng ipinagbabawal na gamot bagamat hindi nagpresinta ng karagdagang impormasyon sa anyo ng kongkretong datos at aktuwal na pigura ang mga may-akda ng moral na ligalig at akusasyong ito. Higit sa lahat, napakaiksi rin ng nangyaring moral na ligalig subalit hindi nangangahulugang wala itong pangmatagalang epekto sa pagtingin ng lipunan sa mga tinaguriang banta sa moralidad sa yugtong ito. Samakatuwid, pasok na pasok sa mga katangian ng moral na ligalig ang kasaysayang ito.

Mapagtatanto rin na sa pagpinta sa mga nagbabanda bilang promotor ng droga at alagad ni Satanas, naimumwestra ng mga may-akda ng moral na ligalig na ito ang kanilang mga sarili at mga institusyong kinabibilangan nila bilang protektor ng moralidad ng lipunan sa kabila ng kawalang katumpakan ng kanilang mga paratang. Mababanaag itong malinaw sa mga letra ng Resolusyon Blg. 100 at mga testamento mula sa Junior Drug Watch, CDW, at mga alagad ng simbahan. Samakatuwid, hindi ito nalalayo sa usapin ng relasyong pangkapangyarihan lalo pa't hindi maihihiwalay na ang mga institusyong nabanggit ay umaakto bilang ahente ng estadong nagpapanatili ng panlipunang kaayusan sa yugto ng moral na ligalig na ito. Sa pag-aakusa sa mga inaakalang lumalabag sa kung ano lang ang pinahihintulot sabihin, naisasakongkreto ang kanilang posisyon bilang awtoridad ng kung ano ang tama at karapat-dapat sa mga mali at dapat ipagbawal.

Bagaman hindi nagtagumpay ang panukalang imbestigasyon at pagbabawal sa mga awiting nabanggit, hindi maipagkakaila ang naging resulta nito sa hanay ng mga nagbabanda. Napagtibay ng yugto ng moral na ligalig na ito ang isteryotipo na mga adik at Satanista ang mga nagbabanda. Hahantong pa ngang magiging bahagi ng mga berbal na asunto ng grupo ng mga hiphop noong dekada nobenta sa mga nagbabanda ang mga akusasyong alagad ng demonyo at promotor ng ipinagbabawal na gamot ang mga ito sa kanilang mga diss track (Martija, "Disstrakan" 53-54). Sa kabilang banda, kakatwang makalipas ang ilang dekada't mga taon ay magkakaroon muli ng ganitong akusasyon. Sa pagkakataong ito, mula sa isang rapper naman. Taong 2019 lamang nang imungkahi ng Philippine Drug Enforcement Agency o PDEA na ipagbawal ang pagpapatugtog ng kantang "Amatz" ng rapper na si Shanti Dope dahil sa 'di-umano'y mensahe nitong nanghihikayat sa paggamit ng marijuana. Kasagsagan ito ng digmaan kontra-droga ng adiministrasyon ni Dating Pangulong Rodrigo Duterte. Pinabulaanan rin ito ng kampo ni Shanti Dope kalaunan (Franco). Ganoon na lang ba talaga kadali para sa mga awtoridad na ituro ang mga nasa hanay ng mga musikero sa panahon ng moral na ligalig?

## SANGGUNIAN

Abay, Dong. *Personal na Panayam*. 23 June 2023.

Baritogo, Yul. "Anti-Drug Group Calls for Ban on pro-Drug Songs." *People's Journal*, 11 Aug. 1995, p. 10.

Becker, Howard S. *Outsiders: Studies in the Sociology of Deviance*. The Free Press, 1963.

Bedico, Tess. "Alapaap Not Pro-Drug Assures Eraserheads." *People's Journal*, 25 Aug. 1995, p. 9.

Belcik, Nathaniel T. "Parental Advisory Explicit Lyrics: A Case Study of Music Censorship and Suppression in America, 1980-1989", 10 June 2012, pdxscholar.library.pdx.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1039&context=younghistorians.

Caruncho, Eric S. *Punks, Poets, Poseurs: Reportage on Pinoy Rock & Roll*. Anvil Publishing Inc., 1996.

Cequina, Jeans. "The Auditory Phenomenon Called Backmasking, Unmasked." *Pop!*, 3 Mar. 2021, pop.inquirer.net/106559/the-auditory-phenomenon-called-backmasking-unmasked.

Deflem, Mathieu. "Popular Culture and Social Control: The Moral Panic on Music Labeling." *American Journal of Criminal Justice*, vol. 45, no. 1, Feb. 2020, pp. 2–24.

Dizon, Mike. *Personal na Panayam.* 22 Jan. 2024.

Eraserheads. "Alapaap." *Circus*, Robin Rivera; BMG Records Pilipinas Inc., 1994.

Franco, Bernie V. "Anti Dope Camp Reacts to PDEA Move to Ban Amatz for Allegedly Promoting Marijuana." *Pep.PH*, 24 Mar. 2019, www.pep.ph/news/local/143487/shanti-dope-pdea-ban-amatz-promoting-marijuana-a717-20190524.

Goode, Erich, and Nachman Ben-Yehuda. "Moral Panics: Culture, Politics, and Social Construction." *Annual Review of Sociology*, vol. 20, 1994, pp. 149–71, users.ssc.wisc.edu/~oliver/SOC924/Articles/GoodePanics.pdf.

Martija, Kevin Paul D. "Disstrakan Bilang Verbal Na Duwelo: Pagsusuri Sa Tema't Diskursibong Istratehiya Ng Mga Diss Track Mula Sa Mga Rapper Ng Dongalo at Ex-Battalion." *Humanities Diliman*, vol. 20, no. 1, 29 June 2023, pp. 44–65, journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/9123/8054.

____. *Kasaysayan ng Kilusang Punkista ng Kamaynilaan*, 1980-1989. 2017, De La Salle University - Manila, Master's Thesis.

McDonald, James R. "Censoring Rock Lyrics: A Historical Analysis of the Debate." *Youth & Society*, vol. 19, no. 3, Mar. 1988, pp. 294–313, journals.sagepub.com/doi/10.1177/0044118X88019003004.

Philippine Senate, *Resolution Directing the Committee on Public Information and Mass Media and the Committee on Public Services to Study, Look Into, and Investigate, In Aid of Legislation, the Airing, Promotion, and Sale of Records of Songs and Music by Various Rock Bands Which Tends to Encourage the Youth Towards the Use of Illegal Drugs and the Songs and Musical Recordings by Foreign Heavy Metal Rock Groups Which Espouses Satanism, Mock and Curses God, and Offend the Sensibilities of Our Deeply Religious People*. 1995.

Radovan, Jill Tan. "The 15 Best OPM Bands From the '90s." *Esquire*, 14 Mar. 2020, www.esquiremag.ph/culture/music/best-opm-bands-a2328-20200314-lfrm3.

Shizo's Eraserheads Video Vault. "Eraserheads & Citizens' Drug Watch Face-off - Sept. 1995." *Youtube*, 26 Apr. 2020, www.youtube.com/watch?v=FeL1inP2IFY.

Shizo's Eraserheads Video Vault. "Eraserheads Meets with Sen. Tito Sotto - Aug. 24, 1995." *Youtube*, 26 Apr. 2020, www.youtube.com/watch?v=jP0uyydT3T4&t=5s.

Susan Ople sa Senado. "Susan's Story: A Life Dedicated to Helping OFWs." *Facebook*, 21 Jan. 2010, www.facebook.com/notes/susan-ople-sa-senado/susans-story-a-life-dedicated-to-helping-ofws/259794929666/?locale=ar_AR.

Tadeja, Margaret R., and LBJ Cabaluna. *'90s Pinoy Rock*. Margaret Tadeja, 2023.

Teeth. "Laklak." *Teeth*, Rene Salta, Robert Javier, WEA International, 1995.

Tolentino, Lilia. "Hindi Kami Promotor Ng Droga - Eraserheads." *Pilipino Star Ngayon*, 25 Aug. 1995, p. 3.

Tolentino, Lilia. "Kanta Ng Eraserheads, Hiniling Ibawal." *Pilipino Star Ngayon*, 22 Aug. 1995, p. 3.

___. "'Laklak', 'Iskolar' Ibawal Din." *Pilipino Star Ngayon*, 24 Aug. 1995, p. 3.

"Vicente Sotto III." *Senators Profile*, legacy.senate.gov.ph/senators/former_senators/vicente_sotto_iii.htm.

Villanueva, Eddie. "The Evils in Music." *Isyu*, 23 Aug. 1995, pp. 12–13.

Villanueva, Marichu A. "Maceda Quits as Trial Spokesman." *Philstar.Com*, 7 Jan. 2001, www.philstar.com/headlines/2001/01/07/89369/maceda-quits-trial-spokesman.

___. "Ople's Daughter Is Labor Exec." *Philstar Global*, 7 Jan. 2004, www.philstar.com/headlines/2004/01/07/234254/ople146s-daughter-labor-exec.

___. "Ban 'Alapaap' from Airwaves, Record Bars - Quack Sotto." *Manila Standard*, 22 Aug. 1995, p. 6.

Yano. "Iskolar Ng Bayan." *Yano*, Alpha Records Corporation, 1994.

---

Si **Kevin Paul D. Martija** o Ose (oseofficial12@gmail.com) ay katuwang na propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Natapos niya ang kursong Batsilyer sa Sekondaryong Edukasyon Medyor sa Kasaysayan sa Pamantasang Normal ng Pilipinas noong 2013, Masterado sa Araling Filipino Medyor sa Wika, Kultura, at Media sa Pamantasang La Salle Maynila noong 2017, at kasalukuyang kumukuha ng Doktorado sa Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Ang kanyang mga pananaliksik ay umiikot sa interseksiyon ng Kasaysayan at Popular na Musikang Pilipino.